

PRESS RELEASE

Mas maraming pabahay sa Rehiyon ang pinondohan ng Pag-IBIG

Lalong lumago ang programang pabahay ng Pag-IBIG Fund sa mga rehiyon noong 2016, makaraang magpahiram ang ahensiya ng P30.1 bilyon halaga ng housing loans sa mga miyembro nito sa mga probinsya.

Ayon kay Pag-IBIG Officer-in-Charge na si Acmad Rizaldy P. Moti, may kabuuang P57.3 bilyon na housing loans ang napahiram ng Pag-IBIG noong nakaraang taon sa buong bansa, at 53% nito o P30 bilyon ay natala sa mga rehiyon.

Sinabi din ni Moti, na tatlong sunod-sunod na taon nang nahihigitan ng mga opisina sa rehiyon ang National Capital Region o NCR sa halaga ng housing loan releases. Noong 2014 ay mas mataas ng halos P500 milyon ang halagang napahiram sa rehiyon kumpara sa sa NCR. Mas lamang naman ng P3.2 bilyon ang housing loan releases sa rehiyon kumpara sa NCR noong 2015; at mas mataas ng P2.9 bilyon ang halaga ng napahiram sa rehiyon kumpara sa NCR noong 2016.

“Halos 36,000 miyembro ng Pag-IBIG mula sa mga probinsya ang nagmamay-ari na ngayon ng bahay dahil sa mas pinasiglang programa sa pabahay ng Pag-IBIG,” dagdag ni Moti.

Batay sa datos ng ahensiya, P16.7 bilyon ang halaga ng housing loans ang napahiram ng Luzon offices ng Pag-IBIG, katumbas ng pagpapatayo ng 20,121 housing units noong 2016. Ang Visayas offices ay nakapagpatala ng halagang P6.7 bilyon halaga ng housing loans para sa pagpapatayo ng 7,814 housing units; samantalang ang Mindanao branches ay nakapag-pahiram ng halagang P6.6 bilyon na housing loan para sa 7,427 housing units.

“Isa itong magandang kaganapan, dahil sa matagal-tagal ding panahon ay palagiang nangingibabaw ang NCR offices sa housing loan portfolio ng Pag-IBIG. Naniniwala ako na ang pagdami ng mga miyembro sa mga rehiyon na humihiram para sa pabahay, ay isang magandang indikasyon ng isang masaganang ekomiya,” sabi ni Moti.

“Nangangako kami, na kung saan mayroong pangangailangan sa pabahay, ay naroon ang Pag-IBIG Fund upang tumugon at magbigay ng pagkakataon para sa lahat ng miyembro na magkaroon ng sariling bahay,” pagtatapos ni Moti. (end)